


Si Araw At Si Buwan

Noong unang panahon, may isang engkantadang naninirahan sa Katimugang Luzon. May dalawa siyang anak na babae—si Araw, ang mas matanda; at si Buwan, ang mas bata.

Isang gabi, mula sa pamamasyal sa kakahuyan ay nasaksihan ni Inang Engkantada ang pagkakaiba ng ugali ng kaniyang mga anak. Habang nangangahoy ang mga anak ay di-sinasadyang matusok ng maliit na sanga ang kamay ni Araw. Dahil makirot, binalot ito ni Araw ng kapirasong tela. Habang pauwi, naisip niyang humingi ng tulong sa kapatid.

“Buwan, puwede mo ba akong tulongang magbuhat ng mga panggatong?” tanong ni Araw.



“Masakit ang paa ko at namamaga na sa kalalakad, tapos, pabubuhatin mo pa ako,” tanggi ni Buwan. Nagkunwari siyang may nararamdamang sakit kaya paika-ika pa siyang lumakad.

“Gusto mo bang hilutin ko ang paa mo, Buwan?” nag-aalalang tanong ni Araw.

“Naku! ‘Wag na, baka lumala pa. ‘Wag mo na lang akong pagbuhatin,” sagot ni Buwan.

Pinilit na lang ni Araw na buhatin ang mga panggatong. At nagpatuloy ang magkapatid sa paglalakad pauwi sa bahay.

Labis na naawa ang Inang Engkantada sa panganay na anak sa nasaksihang pangyayari.

Pagkauwi, sinalubong ng Inang Engkantada ang dalawang anak at agad na tinulungan si Araw na ibaba ang mga panggatong.

“Ako na ang bahalang mag-ayos nito, Anak. Pumunta na kayo sa kusina at nang makapaghapunan,” sabi ni Inang Engkantada.


“Tutulungan ko na po kayo, Ina,” sagot ni Araw.

“‘Wag na. Teka, ano ang nangyari sa kamay mo?” Kunwari’y hindi alam ni Inang Engkantada ang nangyari.

“Naku, Ina! Umiral na naman ang pagkalampa niyang si Araw kaya nasugatan,” mabilis na sagot ni Buwan.

“Buwan, bakit ganyan ka magsalita sa nakatatandang kapatid mo?” mahinahong sabi ni Inang Engkantada.





“Wala po ito, Ina. Gagaling din po ito agad,” sagot naman ni Araw. “Wala po ito sa sakit na nararamdaman ni Buwan. Namamaga po ang kaniyang paa, Ina,” dagdag pa ni Araw.

Biglang naalala ni Buwan na nagkukunwari pala siyang namamaga ang paa kaya nagpaalam na siya para pumanhik ng kuwarto.

“Aakyat na ako. Kailangan kong ipahinga ang mga paa ko,” sabi ni Buwan.

Napailing na lang si Inang Engkantada. Napabulong na lang siya at umusal ng maiklling dasal kay Bathala. “Ano po ba ang puwede kong gawin sa anak kong si Buwan?” usal ni Inang Engkantada.

Nakita rin pala ni Bathala ang mga pangyayari. Sinusubaybayan niya ang magkapatid dahil sila ang napili niyang tagapagbantay sa sanlibutan. May dalawang hiyas siya na may magkaibang liwanag. Ang isa ay may pambihirang liwanag at kayang ilawan ang kalahati ng mundo. Ang isa naman ay may banayad na liwanag langna puwedeng maaninag sa kalangitan sa gabi.

Narinig niya ang paghingi ng tulong ni Inang Engkantada. Nakapagpasiya na siya kung kanino ibibigay ang mga hiyas. Ang hiyas na may banayad na liwanag ay mapupunta kay Buwan. Ang hiyas naman na napakaliwanag ay para kay Araw—ang pinagmumulan ng sinag at kabutihan.